# ‘INA”

*by:*

**Emily S. Ng**
*Teacher I, Mariveles National High School- Malaya*

Ina, isang malalim na kahulugan.

Inang nagbigay buhay sa mga anak.

Ina na handang magsakripisyo para sa pinaka mamahal na anak

Inang handang gawin ang lahat mabigyan ka lang ng maayos na buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ina, ang ilaw ng tahanan na nagsisilbing gabay.

Sa mga daang tatahakin sa mundong iyong nilalakbay.

Ina, ang gumigising sa’yo sa umaga at naghahanda ng pagkain sa mesa

Magbibigay sa’yo ng mga payo sa tuwi-tuwina.

Ina, ang aagapay sa’yo sa mga problema

Laging nagpapa alala na hindi ka nag-iisa

Siya ang laging kakampi, unang nagpupunyagi sa tuwing ika’y nagwawagi.

Ina, ang nagsisilbing pahinga, yayakap sa’yo kapag napapagod ka.

Maraming kakayahan ang isang ina.

Hindi matutumbasan ng kahit anong salita.

Siya ang unang guro na nagtuturo, kung paano humakbang at bumangon mula sa pagkakadapa.

Siya'y nagiging doktora kapag may sakit ka.

Gumagamot sa mga sugat ng iyong nakukuha.

INA, tunay kang dakila!

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*